



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



NATIONAL BOOK
DEVELOPMENT BOARD
PHILIPPINES



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Paghinumdom at Paghihiraya: Dalumat sa Anyo ng Sintaks ng Nawn Preys sa Biri-Waray

Gina Bernaldez Arajo^{1*}, Cynic J. Tenedero²

^{1, 2} Technological University of the Philippines-Manila, Philippines

*Corresponding Author email: gina_arajo@tup.edu.ph

Received: 12 June 2023

Revised: 16 July 2023

Accepted: 20 July 2023

Available Online: 24 July 2023

Volume II (2023), Issue 3, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577

Abstrak

Layunin: Layunin ng pag-aaral na ito na suriin at mailarawan sa pamamagitan ng isang deskriptibong freymwork ang istraktyur ng sintaks ng Nawn Preys sa Biri-Waray. Nilalayan din nito na mailarawan ang mga elementong magkakaugnay at maaaring isama sa iba pang mga salita upang makabuo ng istrukturang gramatikal ng Biri-Waray.

Metodolohiya Ang listahan ng mga sentens na ginamit upang masuri ang istruktura ng NP sa gramatika sa Biri-Waray ay binuo mismo ng mananaliksik na isang taal na mananalita ng inaaral na wika. Ang mga listahan ng mga sentens na may kabuuang 384 ay nakasulat sa wikang Tagalog na isinasalin nang mga informant nang pasalita. Upang mabigyang diin ang paglalahad sa deskripsyon ng mga anyo ng NP sa Biri-Waray, inilimita lamang ang pagsusuring ito sa mga fityur at istraktyur ng nawn at mga konstituyuent na bumubuo sa nawn preys sa Biri-Waray. Hindi kasama sa pagsusuri ang pagtukoy sa iba pang mga dayalekto na umiiral sa Biri-Waray dahil, ang analisis sa pag-aaral na ito ay ibinatay lamang mula sa nakalap na datos mula sa siyam na informant na nagmula sa walong (8) barangay (Poblacion, Sto. Nino, Progress, Pio Del Pilar, Causwagan, MacArthur, San Pedro, at San Antonio) ng munisipalidad ng Biri.

Resulta: Inilahad sa pagsusuring ito na mahalaga ang case marking sa mga nawn ng Biri-Waray sa paglalahad sa sematik na relasyon ng NP sa predikeyt verb at sa iba pang mga elemento sa loob ng isang pangungusap. Sa gramatika sa Biri-Waray, nakadepende ang dami at gamit ng NP sa verbal afiks. May tatlong iba't ibang natukoy na case marker ang Biri-Waray: **nominativ** (Nom), **genitiv** (Gen), at **oblik** (obl).

Konklusyon: Ayon sa mga pangungusap sa Biri-Waray na sinuri, makikita ang Aktor na komplemento kapag ang transitiv verb ay nasa peysyent fokus. Kapag ang transitiv predikeyt ay nasa aktor fokus, nagtatakda ang verb ng peysyent na komplemento. May mga transitiv verb na nangangilangan ng higit pa sa isang komplemento, gaya ng transitiv verb na nasa aktor fokus at nagtatakda ng komplemento na direksyonal, at lokativ.

Susing Salita: Biri-Waray, Nawn Preys, gramatikal, istraktyur, wika, sintaks

PANIMULA

Sa pag-aaral sa gramatika ng alinmang wika, masusing hinihimay ang mga salita o mga elementong bumubuo sa istraktyur upang maayos na mailahad ang relasyon at kaugnayan ng mga ito sa loob ng sentens. Ayon kay Dixon (2010) mahalagang masuri ang bawat bahagi ng pananalita sapagkat mahalaga rin ang gamit ng mga salita sa pagbuo ng isang istraktyur ng gramatikal. Mahalagang makapili ng tiyak at magkakaugnay na mga elemento at iba pang mga konstituyuent na maaaring mailapat nang sa gano'y makabuo ng gramatika.

Hindi maikakaila na ilan sa mga naging pag-aaral sa grammar ay ang pagbibigay tuon sa from ng mga NP bilang mahalagang elemento sa gramatika. Mahalagang masuri ang mga konstituyuent na bumubuo sa iba't ibang from ng NP. Ayon kay Dixon (2010), mayroong posibilidad na mas maraming set ng istraktyur ng NP ang mabubuo kapag common nawn ang hed nito. Dagdag pa ni Dixon, ang palaging makikitang sitwasyon ng pagkakapareho ng



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

mga wika ay ang pagkakaroon ng ilang mga adjektiv na nagmomodifay sa common nawn bilang hed ng nawn sa loob ng NP. Nariyan din ang pagtukoy ni Dixon sa mga marker, nawn, adjektiv, at kwantifayer bilang mahahalagang mga konstituyunet sa pagbuo ng iba't ibang from ng NP. Isang proseso sa pagbuo ng NP ay ang paggamit ng marker bilang hed ng NP.

Hindi matatawaran ang kahalagahan ng mga nagawang pag-aaral ng ilang mga iskolar higit lalo na sa grammar ng mga wikang Pilipino. Makikita sa naging pag-aaral ni Zorc (1975, p.107) may tatlong case marker ang Waray-Leyte sa nominativ (indefinit – *qin*; definit past – *qan*; definit nan-past- *qit*) at genitiv (indefinit – *sir*; definit past – *san*; definit nan-past- *sit*). Taliwas naman sa aklat ni Romualdez (1908), na may tatlong marker na nominativ ang Waray-Tacloban: (a) ang definit marker na *an* (b) ang indefinit *in*, at (c) ang personal na *article* na *hi* o *si*. Samantalang sa Biri-Waray, may iisang marker lamang na ginagamit para sa case na nominativ at ito ang marker na *an* katumbas ng case marker na nominativ 'ang' ng Tagalog (Schachter at Otnes, 1972). Mula rito, nakita ng mananaliksik ang pangangailangan sa mas masusing pag-aaral kaugnay sa gramatika ng wikang Waray lalo higit sa iba pang mga varayti ng Waray na wala pang gaanong naisasagawang pagsusuri tulad ng Biri-Waray. Nakita rin ng pag-aaral na ito na mahalaga ang anumang pagsusuring maisasagawa sa larangan ng dokumentasyon ng wikang Biri-Waray.

Dahil dito, nakita na mahalagang magkaroon pa nang malalimang pagsusuri higit lalo na sa pagbuo ng NP upang maipakita ang kalakasan at gamit nito sa gramatika ng mga wikang Waray at mga wika sa Pilipinas sa pangkalahatan.

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin at mailarawan sa pamamagitan ng isang deskriptibong freymwork ang istraktyur ng NP sa Biri-Waray. Nilalayan din nito na mailarawan ang mga konstituyunet na bumubuo sa iba't ibang anyo ng NP at sa gamit ng NP sa istrakturang gramatikal sa Biri-Waray.

Bilang isang linggwist, at isang taal na mananalita ng wikang Waray, nakita ang kahalagahan ng pag-aaral sa mga wika sa Pilipinas higit sa mga wikang hindi pa nabibigyang-tuon sa larangan ng pananaliksik. Nakita rin ang kahalagahan at pangangailangan para sa isang masusing pagtingin sa kung aling freymwork ang aakma sa pagsusuri ng isang dayalektal na wika tulad ng Waray. Maituturing mang hamon, ngunit, ito ang naging daan ng mananaliksik upang maisagawa ang pag-aaral sa wikang Waray-Nortehanon, partikular sa Biri-Waray na wala pang nagawang anumang mga pag-aaral.

Sa gabay ng gagamiting freymwork ng pagsusuring ito, umaasa na mailalahad ang tiyak na layunin na masuri ang katangian ng NP sa Biri-Waray. Mailarawan ang mga konstituyunet na maaaring isama sa pagbuo ng NP at sa gamit ng NP sa grammar sa Biri-Waray.

Makikita sa Biri-Waray ang kahalagahan ng mga marker sa pagtukoy sa gamit ng NP sa sintaktik na istraktyur. Mahalaga na masuri ang gamit ng NP ayon sa case marker sapagkat may mga nabubuong sentens sa Biri-Waray na higit sa isang NP ang itinatagda bilang argumento ng transitiv predikeyt.

Mapapansin sa Biri-Waray na kapag ang hed ng nawn ay isang posesiv pronawn walang ligatyur *g o na* na nagsisilbing pang-ugnay sa posesor at *possessed* (halimbawa: *qá:kuq bálay* na sa Tagalog ay *aking bahay* kung saan ang posesiv pronawn na *akin* at *possessed* na *bahay* (Schachter at Otnes, 1972) ay pinag-uugnay ng ligatyur *-g*). Isa ito sa ilang katangian ng wikang Biri-Waray at iba pang mga varayti sa wikang Waray sa ibang mga Bisayan dayalek. Halimbawa, *qá:kuq bálay* ng Cebuano at *qá:kuq bálay* ng Aklanon na obligadong may ligatyur *-ŋ* kapag ang konstruksyon ng NP ay may hed na posesiv pronawn (Zorc, 1975). Sa Cebuano, ang ligatyur ay inilalagay sa pagitan ng nauunang genitiv pronawn at ang nawn o verb na nagmomodifay. Ngunit, sa Samar-Leyte ang ganitong konstruksyon ay hindi nakikita (Wolff, 1967). Halimbawa ni Wolff ay ang Ceb. *qa:kung ba:y* 'my house'; Samar-Leyte *qa:kun balay* 'my house' (1967, p. 71).

Naniniwala ang mananaliksik na mahalaga ang pagsusuri na ito upang magsisilbing sandigan at gabay ng mga mananaliksik sa hinaharap na magtatangkang magsagawa ng pag-aaral hinggil sa istraktyur ng wikang Biri-Waray. Makatutulong ito sa pag-unawa kaugnay sa mga umiiral na mga tuntuning panggramatika ng wika partikular sa wikang Waray. Malaki rin ang maitutulong nito sa hindi taal na mananalita ng wikang Waray na makita ang katangian ng Biri-Waray mula sa iba pang varayti ng Waray-Nortehanon at higit sa lahat, malaki ang maiaambag ng pag-aaral na ito sa dokumentasyon ng mga wika (language documentation) sa Pilipinas.

Mga katanungan sa Pananaliksik

Upang maisakatuparan ang mga layunin, sinikap nang mananaliksik na matugunan ang mga sumusunod na mga tanong:



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

1. Ano ang ibat ibang anyo ng sintaks ng Nawn Preys (NP) sa Isla ng Biri?
2. Ano-ano ang mga konstituyent na bumubuo sa iba't ibang anyo ng sintaks NP sa Biri-Waray?
3. Ano ang iba't ibang halimbawa at gamit ng sintaks ng NP kaugnay sa istruktura sa Biri-Waray?

MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL

Tinalakay sa papel ni Reid (2002) ang mga suliraning likas sa pagtukoy ng sintaktikong klase ng mga inisyal na salita sa maraming karaniwang NP sa mga wika sa Pilipinas tulad ng Tagalog *ang*, Ilokano *ti*, at Bontok *nan*. Ang mga fromng ito ay tinatawag na mga *case-marking particle*, mga marker para sa konstruksyon, mga marker para sa common nawn, mga article, mga pantukoy, mga *specifier*, o mga simpleng *proclitic*. Gayunpaman, ang isang mahusay na sintaktik na tipolohiya ng mga wika ay nangangailangan nang gumawa ng desisyon tungkol sa klase ng kanilang salita, batay hindi lamang sa fangsyunal na katangian, semantk fityur, o katumbas ng pagsasalin, ngunit sa kanilang sintaktik distribusyon. Sa ilalim ng ilang mga pagpapalagay, ang salitang ito ay magiging mga pantukoy na ang kasunod na mga salita ay ang nawn ng preys nito. Gayunpaman, ang mga sumusunod na mga salita ay lumilitaw na mga verb na may parehong from tulad ng sa pagsusuri ng isang sentens. Isinaalang-alang sa papel na ito ang isang alternatibong solusyon kung saan ang mga salitang pinag-uusapan ay tumutukoy sa mga nawn at ang mga hed ng preys. Sa ilalim ng pagsusuring ito, ang mga kasunod na salita ay ang mga verbal na konstruksyon na bumubuo ng mga kaugnay na mga klos na nakasalalay sa pagtukoy sa mga nawn. Matatagpuan ang nagpapatunay na ebidensiya sa Talubin dayalek ng Bontok, kung saan ang mga salitang pinag-uusapan ay nangangailangan ng gentiv klitik na ikinakabit sa mga ito sa halip na susundan kaagad ito ng salitang nilalaman. Ang makasaysayang ebidensiya na nagpapakita na ang mga from na pinag-uusapan ay orihinal na *demonstrative nouns* ay sumusuporta sa kanilang synchronic analisis bilang mga nawn.

Sa "A Grammar Sketch of Ninorte Samar" ni Balanquit (2017), layunin nito na mailarawan ang gramar Ninorte na sinasalita sa mga munisipalidad ng Northern Samar. Ayon kay Balanquit, may dalawang klase ng pagkakakilanlan ang mga marker ng mga NP sa Ninorte: fokus at nan-fokus. Sa fokus, nariyan ang marker *si* (sira: Plural) at *an* na parehong case marker na nominativ. Ang case marker na nominativ *si* ay iminamarka sa mga personal na ngalan lamang at ang marker *an* sa mga common nawn na nangangahulugang definit. At, ang marker *in* ay inilalahad niya bilang indefinit marker na nakita ng kasalukuyang pagsusuri na hindi umiiral sa Biri-Waray.

Nakapaloob naman sa nan-fokus marker ng Ninorte ang genitiv marker *ni* (*nira*: Plural) na may kaukulang property [+ human]. Tinawag naman niya na *polysemous* ang marker san dahil nagtataglay ng maraming kahulugan. Ang marker *san* ng Ninorte-Samar ang *accusative* marker o genitiv marker o nagsasaad ng pang-abay na pamanahon. Nagtataglay rin ito ng definit na kahulugan. Ang marker *sin* naman ay nagtataglay ng kahulugang indefinit ngunit ayon kay Balanquit, parehong ang gamit ng *sin* at *san* at ang kaibahan lamang ng *sin* ay hindi magagamit sa pagmamarka sa mga pang-abay na pamanahon.

Sa pag-aaral naman ni Constantino (1965) layunin nyang mailahad ang konstituyent analysis at transformesyonal analisis sa sentens patern ng twenty-six na mga wika ng Pilipinas. Ang klasifikasyon ng mga sentens ayon sa istraktyur ng mga konstituyent, ang mga deklarativ sentens ng twenty-six na mga lenggwahe ng Pilipinas ay napag-uuri bilang: (a) *simple*, (b) *compound*, at (c) *complex*. At, batay sa konstruksyon ng mga *simple* sentens, maaari itong predicativ at nan-predicativ. Tulad ng naunang pagsusuri ni Constantino, ang *simple* sentens ay binubuo ng dalawang *immediate constituent* (IC) ang predicativ na konstruksyon na magsisilbing sabjek at predikeyt.

Tinukoy rin ni Zorc(1975) sa *The Bisayan Dialects of the Philippines: Subgrouping and Reconstruction* ang mga nominal pronawn ng mga Bisayan dayalek ay naglalahad ng referens na tumutukoy sa relasyon ng mananalita at tagapakanig Lumilitaw na may *three persons* (*first person*, *second person*, at *third person*) ang nominal pronawn ng mga Bisayan dayalek na may number na singular at plural. Malinaw din sa mga Bisayan dayalek ang nominal pronawn na tumutukoy sa inklusiviti at eksklusiviti na mga from. Halimbawa niya ay ang *first person* na *kítah* 'tayo' na tumutukoy ng inklusiviti at ang *second person* na *kamúh* 'kayo' na eksklusiv. Ayon pa kay Zorc, ang malaking



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

bilang ng pagkakaiba-iba ng mga Bisayan dayalek ay makikita sa mga oblik form dahilan sa pagkakaparehong sa klase ng *peculiarities* na nakakaapekto sa pangkabuuan sa mga pronominal paradim. Lumabas sa kaniyang pagsusuri hinggil sa sintaks ng NP na maaaring magsilbi ang NP bilang subjek, predikeyt, o kaya'y komplemento ng transitiv predikeyt.

Nasusuri ang istraktyur ng NP sa isang corpus na nagtatampok sa Tagalog-Ingles code-switching. Ang mga pagkakataon ng paglitaw ng unang wika (L1) bilang subjek at bilang mga komplemento ng pangalawang wika (L2) ng mga yunit ng sentens ay sinusuri upang makakuha ng mga insights sa code-switching. Sampung tatlong minutong tape ng programa sa radio sa Tagalog ang nagbigay ng corpus para sa pag-aaral. Sinuri ang bawat sentens na naglalaman ng isang halimbawa ng pagpapalit ng code-switching, pangunahin sa mga tuntunin ng *surface* istraktyur nito, at sa mga elementong bumubuo nito. Ang pagsusuri ay nagsisiwalat ng mga sumusunod: (1) sa tuwing may pagkakatugma sa pagitan ng mga konstruksyon ng Tagalog at Ingles, maaaring magpalit ng code. (2) bagama't ang pangunahing tuntunin ng muling pagsulat para sa NP ng Tagalog at NP ng Ingles ay parehas, ang pagkakaparehas ay malabo. Samantalang ang mga pantukoy ng Tagalog ay nagsasaad din bilang *relative-markers*, ang mga pantukoy ng Ingles ay hindi. (3) Malamang, may mga tiyak na pangalawang wika (L2) na *prefabricated* ang mga konstituyent sa *surface* istraktyur na ipinasok sa unang wika (L1) ng mga sentens. Ang mga obserbasyon na mga ito ay dapat maisama sa psycholinguistic na modelo ng bilinggwal na kakayahan.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang kwalitatibong pag-aaral na ito ay gumamit ng pagsusuring palarawan upang lubos na maunawaan ibat ibang sintaks ng Nawn Preys(NP) sa Biri-Waray, mga konstituyent na bumubuo sa iba't ibang anyo ng NP sa Biri-Waray at ang iba't ibang halimbawa at gamit ng NP kaugnay sa istruktura sa Biri-Waray.

Instrumento at Respondente sa Pananaliksik

Nagsilbing datos sa pag-aaral na ito ang mga salita at sentens na nakuha mula sa pag-eliciting ng datos sa pamamagitan ng informant work. Ito isang deskriptibong pamamaraan ng pag-aaral na gumamit ng *eliciting* materyal para sa pagkalap ng mga pangngalan o nawn (N) ng Biri-Waray. Isa sa ginamit bilang eliciting materyal ay ang 100-word Swadesh list na ginamit ni McFarland (1972). Ang listahan ng mga sentens ay binuo mismo ng mananaliksik bilang neytiv ispiker ng Biri-Waray. Upang mabigyang diin ang paglalahad sa deskripsyon ng sintaks NP sa grammar sa Biri-Waray, inilimita lamang ang pagsusuring ito sa mga fityur at istraktyur ng nawn at nawn preys sa Biri-Waray. Hindi kasama sa pagsusuri ang pagtukoy sa iba pang mga dayalekto na umiiral sa Biri-Waray dahil, ang analisis sa pag-aaral na ito ay ibinatay lamang mula sa nakalap na datos mula siyam (9) na informant na nagmula sa walong (8) barangay (Poblacion, Sto. Nino, Progress, Pio Del Pilar, Causwagan, MacArthur, San Pedro, at San Antonio) ng munisipalidad ng Biri.

Paraan ng Pagsusuri ng mga Datos

Ang mga *eliciting* materyal na sinagutan ng mga napiling informant ay nilikom ng mananaliksik pagkatapos mapasagutan ang mga ito. Ang balidasyon, muling pagsusuri, at pag-aanalisa sa mga datos ay ginawa ng mananaliksik bilang taal na mananalita ng Biri-Waray. Sa Biri ginugol ng mananaliksik ang pundasyon ng kaniyang edukasyon mula elementarya at sekondarya; at nagturo ng labing-anim (16) na taon sa Biri Central Elementary School at naging Teacher -In- Charge ng *clustered school* sa distrito ng Biri, Northern Samar. Malaking tulong ang pagiging taal na mananalita ng mananaliksik sa wikang inaaral dahil nakikita mismo ng mananaliksik na hindi naging tumbasan lamang sa pagitan ng Tagalog at Biri-Waray ang mga naging sagot ng mga informant sa mga datos sa eliciting material. Dahil dito, mas nakita ang pagkakaiba ng Biri-Waray sa iba pang varayti ng Waray gayundin ang pagkakaiba nito sa wikang Tagalog.



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines

INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE



Website: <https://etcor.org>

NBDB NATIONAL BOOK
DEVELOPMENT BOARD
PHILIPPINES



NBDB NATIONAL BOOK
DEVELOPMENT BOARD
PHILIPPINES



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Pagsusuri ng Datos

Sa pagsusuri sa istruktura sa pangungusap ng alinmang wika, hindi lamang tinitingnan ang pagsunud-sunod sa mga string ng mga salita o morpema. Nariyan din ang kahalagang masuri ang partikular na mga elementong magkakaugnay at maaaring isama sa iba pang mga salita upang makabuo ng istrukturang gramatikal. Inilalarawan bilang 'kor o nukleyus' ang mga bahagi ng pangungusap na bumubuo sa isang gramatikal na pangungusap. (Cubar at Cubar, 1994). Upang ganap na maunawaan ang sintaks ng pangungusap, dapat alam natin kung anong mga bahagi ang bumubuo sa istruktura na ito. (Paz, et., al, 2003). Ipinaliwanag nina Paz, et, al na sa lahat ng mga wika, pundamental ang katotohanang maaaring igrupo ang mga salita sa iilang mga klas na kung tawagin ay mga sintaktik kategori. Sinabi naman ni Malicsi (2013) na mahahango ang mas mahaba at mga komplikadong pangungusap mula sa pinakasimpleng batayan na pangungusap. Paliwanag pa ni Malicsi, ang batayang pangungusap ay may dalawang bahagi (*panaguri* at *simuno*) at nakatuon lamang sa iisang proposisyon. Inilahad niya sa dalawang bahagi ng batayang pangungusap kung saan maaaring gamitin ang mga NP bilang predikeyt ng isang nan-verbal na pangungusap at sabjek ng isang verbal na pangungusap.

Naging matatag ang paglalahad ni Dixon (2010) patungkol sa gamit sa sintaks ng NP sa gramatika. Nariyan ang kaniyang limang iskim kung saan inilalahad ang pangunahing gamit ng NP bilang kor na argumento at ang pag-iral nito sa slot ng predikeyt na tinutukoy bilang pangalawang gamit ng NP. Tulad ng kaniyang mga nabanggit, may ilang relasyon na nangangailangan ng NP ang gagamitin bilang kopyula na komplemento.

Layunin ng tsapter na ito na masuri ang katangian ng NP bilang isang elementong may iba't ibang gamit sa pagbuo nang wasto at malinaw na istruktura ng pangungusap sa Biri-Waray.

Sa Biri-Waray, makikita na mahalaga ang case marking sa mga nawn sa paglalahad sa kaugnayan ng NP sa iba pang mga elemento sa isang gramatika. May tatlong iba't ibang natukoy na case marker ang Biri-Waray sa pagsusuring ito : (a) case marker na **nominativ** *an* 'ang' kung saan naglalahad sa tungkulin ng nawn na minamarkahan bilang sabjek ng pangungusap; (b) **genitiv** *sin/san* 'ng' at *ni* na naglalahad sa tungkulin ng nawn na minamarkahan na maaaring tagaganap ng kilos ng transitiv verb ngunit hindi fokus o maaaring ang nawn na minamarkahan ang direktang naapektuhan ng aksyon na isinasaad ng transitiv verb; at (d) **oblik** *sa/kan* 'sa/kay' na naglalahad sa tungkulin ng nawn na minamarkahan na maaaring lokativ na siyang lokasyon ng pinangyayarihan o direksiyonal na naglalahad ng direksyon o taong tatanggap ng aksyon.

Upang malinaw at madaling maunawaan ang lahat ng talakay sa kategori na ito, uunahin ang pagsusuri sa gamit ng NP ayon sa case marker. Ilalahad ang semantik na relasyon ng NP bilang fokus ng intransitiv verb (§4.1.1); transitiv verb (§4.1.2). Sa (§4.2) naman makikita ang relasyon ng NP sa verbal na predikeyt bilang komplemento. Susundan ito ng paglalahad sa gamit ng NP bilang predikeyt ng mga nan-verbal na pangungusap (§4.3), at sabjek ng mga nan-verbal na pangungusap (§ 4.4)

1.1 Ang Case Marker sa Biri-Waray

Ang case ay tinutukoy bilang semantik na relasyon ng verb sa iba't ibang NP sa loob ng pangungusap (Cubar at Cubar, 1994). Ayon pa kay Cubar at Cubar, ang iba't ibang NP ay kumakatawan sa ilang mga komplemento na maaaring mailahad sa isang pangungusap (1994, p. 84).

Inilahad ni Dixon ang verb predikeyt bilang (a) **transitiv verb** kung saan nagtatakda ng dalawa o mas higit pang NP na argumento; at (b) **intransitiv verb** na nagtatakda ng iisa lamang NP na argumento (Dixon, 2010).

Sa mga patern ng pangungusap sa mga wika sa Pilipinas, ayon kay Constantino (1964, 1965), ang verbal na mga pangungusap ay may predikeyt na maaaring intransitiv o transitiv verb na nagtatakda ng isa o higit pang argumento.

Tulad din sa ibang mga wika sa Pilipinas, ang case sa Biri-Waray ay tumutukoy sa partikular na relasyon ng NP sa predikeyt ng isang verbal na pangungusap. Sa bahagi na ito ng pagsusuri, ginamit ang paglalarawan ng case at focus ayon sa paglalarawan ni Cubar at Cubar (1994, p. 163-167). Nakita na mahalaga ang tungkulin ng case sa pagmamarka sa mga komplemento sa pangungusap sa Biri-Waray. Makikita sa istrukturang gramatikal sa Biri-Waray na sa mga istruktura na may transitiv verb, nagtatakda ito ng higit sa isang NP kung saan ang isa sa mga NP ay kinakailangan magsilbing sabjek ng pangungusap. Halimbawa sa pangungusap sa Biri-Waray na *Púnukdi sin búrak an báta sa pásuq* 'Pumitas ng bulaklak ang bata sa paso', ang NP na *an báta* 'ang bata' ang nagsisilbing sabjek na argumento o aktor na fokus ng transitiv verb na *púnukdi* 'pumitas'. Samantalang ang NP naman na *sin búrak* 'ng burak' ang nagsisilbing komplemento na peysyent (bilang direktang tumatanggap ng aksyon na tinutukoy sa verb) at ang isa pang NP na *sa pásuq* 'sa paso' ay nagsisilbing komplemento na lokativ.



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Sa mga nawn naman na may case na genitiv, ginagamit ang case marker na genitiv *san/sin* at *ni* sa Biri-Waray na maaaring magsilbi bilang: (a) aktor ngunit hindi fokus (halimbawa: *Kínaqun ni Gina/san bábayi an isda* 'Kinain ni Gina/ng babae ang isda') na ang NP *ni Gina/san bábaye* ang nagsisilbing aktor o tagaganap ng aksyon na isinasaad sa transitiv verb na *kínaqun* 'kinain' ngunit hindi fokus; (b) peysyent (na kilala rin bilang direct objek) halimbawa: *Kínaqun sin isda an báta* 'Kumain ng isda ang bata' na ang NP *san isda* 'ng isda' ang nagsisilbi bilang direktang naapektohan ng aksyon na tinutukoy sa verb na *kínaqun* 'kumain'. Sa mga NP naman na may case marker na oblik ginagamit ang oblik marker na *sa* at *kan* na maaaring magsilbing lokasyon o direksyonal. Halimbawa: *Kúnarigu an bata sa dágat* 'Naligo ang bata sa dagat' kung saan ang NP na *sa dágat* na markado ng oblik marker *sa* ang nagsisilbing lokasyon. At ang NP na case marker na *kan* 'kay', ay maaaring magsilbing direksyonal (halimbawa: *Mákadtu kan Gina an báta* 'Pupunta kay Gina ang bata') na ang NP *kan Gina* 'kay Gina' ang nagsisilbi bilang NP na direksyonal.

Sa pangkabuuan, ang case sa Biri-Waray ay naglalarawan sa semantik na tungkulin ng NP sa iba pang mga elemento sa sintaktik na istruktura. Nalalaman kung ano ang mga NP na nagsisilbing komplemento sa pamamagitan ng mga case marker na ginagamit sa Biri-Waray. Ayon pa kay Constantino (1970), bawat komplemento ay may mahalagang 'case' na relasyon sa verb sa loob ng isang pangungusap. At ang relasyon ng case ay hudyat ng mga marker ng komplemento (Constantino, 1970, p.5).

Sa mga Bisayan na wika ayon kay Zorc (1975), ang focus ay naglalahad sa semantik na relasyon ng NP sa verb ng isang pangungusap. Sa Biri-Waray, makikita ang mga focus na: aktor, peysyent, lokativ, direksyonal, benifaktor at instrumental.

Ang aktor na fokus sa Biri-Waray ay naglalahad sa tungkulin bilang tagaganap ng aksyon (halimbawa: *Súnayaw an dáraga* 'Sumayaw ang dalaga' kung saan makikita sa istruktura na ang NP na *an dáraga* 'ang dalaga' ang tagapagpaganap ng aksyon na tinutukoy sa intransitiv verb *súnayaw* 'sumayaw' na may afiks -un-.

Ang Peysyent na focus ang direktang apektado ng tinutukoy ng verb na maaaring makapagpabago sa kaniyang kabuuan (halimbawa: *Sínugba ni Gina an isda* 'Inihaw ni Gina ang isda' na ang NP *an isda* 'ang isda' ang direktang naapektuhan ng aksyon na tinutukoy sa transtiv verb *sínugba* 'inihaw' na may afiks -in-.

Isinasaad naman ng fokus na lokativ kung saan ang lugar na pinangyayarihan ng aksyon na tinutukoy ng verb (halimbawa: *Kínaqunan san báta an pingan* 'Kinainan ng bata ang pinggan' na ang NP *an pingan* 'ang pinggan' ang tinutukoy na pinangyarihan ng transitiv verb *kínaqunan* 'kinainan' na may afiks -in-....-an.

Samantalang, ang direksyonal na fokus naman ang naglalahad sa patutunguhan ng aksyon (halimbawa: *Bínisita san qának an qína* 'Dinalaw ng anak ang ina' kung saan ang NP na *an qína* 'ang ina' ang pinatunguhan ng aksyon na tinutukoy ng transitiv verb *bínisita* 'dinalaw' na may afiks -in-.

Ang fokus na benifaktor ang nakikinabang sa aksyon na tinutukoy ng verb (halimbawa: *Gínlutaqan sin pánsit an qának* 'Nilutuan ng pansit ang anak' kung saan makikita sa istruktura na ang NP *an qának* 'ang anak' ang nakikinabang sa aksyon na tinutukoy ng transitiv verb *gínlutaqan* 'nilutuan' na may afiks gin-.

Inilalahad naman ng fokus na instrumental ang bagay o paraang ginamit para maisakatuparan ang aksyon na tinutukoy ng verb (halimbawa: *Ipínantrapu niya an báduq* 'Ipinampunas niya ang damit' na ang NP na *an báduq* 'ang damit' ang ginamit upang maisagawa ang aksyon na tinutukoy ng verb *ipínantrapu* 'ipinampunas' na may afiks ipang-....-in-.

Makikita sa teybol 1 ang mga form ng mga case marker at kaakibat na tungkulin ng mga case marker sa Biri-Waray.



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines

INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE



Website: <https://etcor.org>

NBDB NATIONAL BOOK
DEVELOPMENT BOARD
PHILIPPINES



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Teybol 1 - Ang Anyo ng mga Case Marker sa Biri-Waray

Makikita sa ibaba ang iba't-ibang NP na nagsisilbing fokus sa mga verbal na

Semantik na Tungkulin	Mga Case Marker	Verbal Afiks
Aktor	an/si	-un-
Peysyent	an	-in
Lokativ	an	-in-...-an
Direksyonal	an	-in-
Benifaktor	an/si	gin-
Instumental	an	ipang-...-an

pangungusap sa Biri Waray.

1.1 **NP bilang Fokus ng Intransitiv Verb**

- Naglálaba **an** **qína**
V-Kon-AF Nom.M ina
'Naglalaba ang ina.'
- Nagsaràyaw **an** **mga** **kabábayinqan.**
V-Perf-AF Nom.M Pl.M kababaihan
'Nagsayawan ang mga kababaihan.'
- Makaránta **an** **mga** **lálaki.**
V-Imp-AF Nom.M Pl.M lalaki
'Kakanta ang mga lalaki.'
- Nagtáranum **síra** **Ali**
V-Perf-AF Nom.M. Pl prop Ali
'Nagsitanim sina Ali.'
- Síra** **Jose** nagqúquruyag
Nom.M. Pl Jose V-Kon-AF
'Sina Jose ay nagsisipaglaro.'

Ipinapakita ng mga halimbawa sa itaas na ang gamit ng NP ay bilang fokus ng mga intransitiv verb. Halimbawa sa pangungusap (1) bilang unang referens, ang Nagsisilbing aktor fokus ng predikeyt verb *naglálaba* (na nasa kontempletiv na aspekto) ay ang NP na *an ina*. Makikita na nagtatakda lamang ng isang NP bilang fokus na argumento ang verb *naglálaba* dahil ang pangungusap ay nagpapahayag na ng buong ideya. Sa ayos naman ng mga pangungusap, karaniwang nasa natural na order ang konstruksyon ng mga pangungusap sa Biri-Waray. At sa mga konstruksyon na revers ang ayos o di-karaniwan (5), makikita na ang verbal predikeyt *nagqúquruyagay* 'nagsisipaglaro' ay sumusunod pagkatapos ng buong NP na *síra Jose* 'sina Jose' na nagsisilbing sabjek na argumento. Ngunit sa konstruksyon na may paglilipat sa unahang posisyon sa NP na argumento, nananatiling zero (ø) ay inversyon sa Biri-Waray.

1.2 **NP bilang Fokus ng Transitiv Verb**

Naipapahayag ang sematik na relasyon ng verb na transitiv sa mga NP sa loob ng pangungusap ayon sa case marker ng nawn. Katulad ng pangungusap (6), ang verb na *bunúnuq* 'kumatay' ay mayroong dalawang NP



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

na argumento. Una, ang NP na *sin báktin* 'ng baboy' na naglalahad sa relasyon sa verb na *bunúnug* 'kumatay' bilang komplemento na peysyent na minamarkahan ng marker na genitiv *sin* na indefinit. Pangalawa, ang NP *an qama* 'ang ama' bilang aktor fokus na minamarkahan ng case marker na nominativ *an*. Sa pangungusap (10), makikita na ang transitiv verb na *kunúha* 'kumuha' ay may tatlong NP na argumento: (1) *sin kwárta* 'hg pera' bilang peysyent na komplemento; (2) *si Arnel* bilang aktor fokus; at (3) *sa pítaka* bilang lokativ na komplemento na minamarkahan ng oblik case marker *sa* at nagsasaad ng lokasyon. At ayon sa istruktura ng pangungusap, lilitaw na kulang ang ideyang ipinapahayag kapag wala ang NP na *sa pítaka* 'sa pitaka' na argumento na nagsasaad sa lokasyon.

6. Bunúnug sin báktin **an** **qáma**.
V-Perf-AF Gen.M. baboy Nom.M ama
'Kumatay ng baboy ang ama.'
7. Tunánug sin mga páray **an** **mga laláki**.
V-Perf-AF Gen. M. Indf mga palay Nom. M Pl.M lalaki
'Nagtanim ng mga palay ang mga lalaki.'
8. Bunákai sin báduq **si** **Gina**.
V-Perf-AF Gen. M. Indf damit Nom. M prop Gina
'Bumili ng damit si Gina.'
9. Kunágun sin tinapay **síra** **Jose**.
V-Perf-AF Gen.M. Indf tinapay Nom.M. Pl Jose
'Kumain ng tinapay sina Jose.'
10. Kunúha sin kwárta **si** **Arnel** sa pítaka.
V-Perf-AF Gen.M pera Nom.M prop Arnel Obl.M pitaka
'Kumuha ng pera si Arnel sa pitaka.'

2. Ang NP bilang Komplemento sa Biri-Waray

Ang mga NP sa Biri-Waray ay kumakatawan sa ilang mga komplemento sa istrukturang gramatikal. Bawat komplemento ay may sariling marker na nagsasaad kung ano ang ginagampanang tungkulin ng komplemento sa pagganap ng verb. Ang mga NP sa Biri-Waray na komplemento na hindi fokus ang semantik na relasyon sa transitiv verb ay maaaring markahan ng case marker na genitiv *san/sin* at *ni* o oblik marker na *sa* at *kan*. Sa mga Bisayan na wika, karaniwang may case marker na genitiv na *san/sin* o oblik na *sa/kay* ang mga NP na hindi fokus ang ginagampanang tungkulin sa pangungusap (Zorc, 1975). Sa halimbawa ni Zorc sa wikang Cebuano na *palit-ún ni lúliq qan rilú* 'bibilhin ni Loling ang relo', ang relasyon ng NP na *ni lúliq* 'hi Loling' sa predikativ verb na *palit-ún* 'bibilhin' ay aktor na komplemento ngunit hindi fokus at ang NP na *qan rilú* 'ang relo' naman ang peysyent na fokus ng predikeyt verb sa pangungusap.

Laging ipinapahayag ng case marker ang semantik na relasyon ng verb sa iba't ibang NP sa loob ng pangungusap (Cubar at Cubar, 1994). Ipinaliwanag rin ni Cubar at Cubar na ang iba't ibang NP ay kumakatawan sa ilang mga komplemento na makikita sa wikang Tagalog at maaaring matukoy ayon sa uri ng mga marker na ginagamit. Ang mga uri ng NP na tinatanggap bilang komplemento ay nakabatay sa fokus ng verb. Ayon sa mga nabanggit na sa unahang bahagi ng pag-aaral na ito, maaaring magtakda ang mga transitiv verb ng isa mula sa tatlong klase ng komplemento gaya ng aktor na komplemento, direksyonal na komplemento, at peysyent na komplemento kung saan isa sa mga NP ang magsisilbing fokus at markado ng case marker na nominativ.

Sa Biri Waray, may mga NP na makikita sa loob ng pangungusap maliban sa komplemento na fokus ng verbal predikeyt. Ang mga NP sa Biri-Waray na karaniwang nagsisilbi na komplemento ngunit hindi fokus ay may case marker na genitiv *san/sin* at *ni*; at case marker na oblik *sa* at *kan*. May mga pagkakataon na isa o higit pang NP ang umiiral sa loob ng pangungusap depende sa itinatakdang ng transitiv verb upang maging malinaw ang pagpapahayag.

Sa talakay hinggil sa NP na komplemento ng transitiv verb sa Biri-Waray, mamarkahan ang mga komplemento na hindi fokus ayon sa gamit. Ginamit ang AK-aktor upang ipahayag ang Aktor na komplemento, PK-peysyent upang ipahayag ang peysyent na komplemento, LK-lokativ para sa lokativ na komplemento, DK-diresyunal



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

para sa direksiyonal na komplemento, BK-benefaktor para sa benefaktor na komplemento, at IK-instrumental upang ipahayag ang instrumental na komplemento.

2.1 NP bilang Aktor na Komplemento

Kadalasan makikita ang NP sa Biri-Waray na nagsisilbing aktor na komplemento sa mga transitiv predikeyt na ang fokus ay peysyent o direksiyonal. Karaniwang inihahayag ang NP na aktor na komplemento sa mga case marker na genitiv.

Upang mailahad nang malinaw, naka-*italisado* at **bold** ang komplemento na binibigyang diin at may salungguhit naman ang argumentong nagsisilbing fokus sa pangungusap.

11. Binákal ***ni Arnel*** an tinapay.
V-Perf-PF Gen.M Arnel Nom.M tinapay
P AK PF
'Binili ni Arnel ang tinapay.'
12. Binákal ***ni Arnel*** an qárug sin tinapay.
V-Perf-DF Gen.M Arnel Nom.M matanda ng tinapay
P AK DF PK
'Pinagbilhan ni Arnel ang matanda ng tinapay.'
13. Binísita ***nira Gina*** an qámaq.
V-DF Gen.M. Pl. Arnel Nom.M ama
P AK DF
'Dinalaw nina Gina ang ama.'

Inilalarawan ng mga pangungusap na ang mga NP na nagsisilbing aktor na komplemento ay nagsasaad bilang tagaganap ng kilos ngunit hindi tumatayo bilang fokus ng transitiv verb na predikeyt ng pangungusap.

2.2 NP bilang Peysyent na Komplemento

Ang mga NP na nagsisilbing peysyent na komplemento ay makikita sa mga transitiv predikeyt na nasa aktor fokus. Ang NP bilang peysyent na komplemento ay may case marker na genitiv. Tulad ng nabanggit na, karaniwan na ang pagkakapalitan ng dalawang genitiv marker na *sin* at *san*.

14. Lunútuq ***san/sin qisurúda*** an kábulig.
V-Perf-AF Gen.M ulam Nom.M katulong
P PK AF
'Lumuto ng ulam ang katulong.'
15. Bunákal ***san/sin búgas*** an qárug.
V-Perf-AF Gen.M bigas Nom.M arug
P PK AF
'Bumili ng bigas ang matanda.'
16. Sunúgba ***san/sin qisdaq*** si Arnel. Arnel
V-Perf-AF Gen.M isda Nom prop
P PK AF
'Umihaw ng isda si Arnel.'
17. Kunáqunan darága ***san/sin tinapay***
V-Perf-AF Nom.M dalaga Gen.M tinapay
P AF PK
'Kumain ang dalaga ng tinapay.'
18. Kunúha an paragqúma ***san/sin mga súgu.***



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines

INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE



Website: <https://etcor.org>

NBDB NATIONAL BOOK DEVELOPMENT BOARD PHILIPPINES



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

V-Perf-AF Nom.M magsasaka Gen.M. Pl.M panggatong
P AF PK 'Kumuha ang magsasaka ng mga panggatong.'

Sa istruktura na may peysyent na komplemento, makikitang maaaring mailipat ang posisyon nito sa loob ng pangungusap na hindi naaapektuhan ang ipinahahayag na kahulugan. Sa mga pangungusap, makikita na ang peysyent na komplemento ay makikita kaagad pagkatapos ng verbal predikeyt. Halimbawa sa pangungusap, ang peysyent na komplemento *san/sin qisurúda* 'hg ulam' ay sumusunod kaagad sa transitiv predikeyt na *lunútuq* 'lumuto' bago ang NP na *an kábulig* 'ang katulong'. Samantalang sa pangungusap makikita ang NP na peysyent na komplemento pagkatapos ng argumento na *an darága* 'ang dalaga' na sabjek.

2.3 NP bilang Direksyonal na Komplemento

Ang mga NP na nagsisilbing direksyonal na komplemento ay binubuo ng mga case marker na marker *sa* at *kan*. Makikita ang NP na direksyonal na komplemento sa mga transitiv predikeyt na ang fokus ay aktor.

19. Nagpákadtu si Gina **sa** **búkid**.
V-Perf-AF Nom.M Gina Obl.M bukid
P AF DK
'Pumunta si Gina sa bukid.'
20. qunági síra **sa** **kabúkiran**
V-Perf-AF 3p.Nom. Obl.M kabundukan
P AF DK
'Dumaan sila sa kabundukan.'
21. qunáltu kámi **sa** **Bíkol**.
V-Perf-AF 2p.Nom Obl.M Bikol.
P AF DK
'Huminto kami sa Bikol.'
22. Madálaw **kan** **Ali** si Jose.
V-Perf-AF Obl.M prop Ali Nom.M prop Jose.
P DK AF
'Dadalaw kay Ali si Jose.'
23. Mápásyada kami **kánra** **Jose**.
V-Perf-AF 2p.Nom Obl. Pl prop Jose
P AF DK
'Mamamasyal kami kina Jose.'

2.4 NP bilang Lokativ na Komplemento

May mga transitiv verb na nasa aktor o peysyent ang fokus at nagtatakda ng lokativ na komplemento. Nasa pormang case na oblik ang NP na nagsisilbing lokativ na komplemento at naghahayag ng lugar na ganapan ng kilos na tinutukoy ng predikeyt verb sa pangungusap. Sa pangungusap, ang fokus ng transitiv verb na *nagkáriguq* 'nagligo' ay nasa aktor *si Arnel* at ang NP na *sa dagat* ay nagsisilbing lokativ na komplemento. Sa pangungusap, ang transitiv predikeyt na *ginhúgasan* 'hinugasan' ay nasa peysyent fokus na *an píngan* 'ang pinggan' kung saan may dalawang NP na nagsisilbing komplemento (1) ang NP na *ni Ali* na aktor na komplemento (tagaganap ng aksyon), at (2) NP na *sa kúsina* 'sa kusina' na nagsasaad bilang lokativ na komplemento.

24. Nagkáriguq si Arnel **sa** **dáгат**.
V-Perf-AF Nom.M prop Arnel Obl.M dagat
P AF LK
'Naligo si Arnel sa dagat.'



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

25. Nagqúyag an bátag sa kályi.
V-Perf-AF Nom.M bata Obl.M kalsada
P AF LK
'Naglaro ang bata sa kalsada.'
26. Nagkákauun síra sa kusínaq.
V-Kon-AF 3p. Nom Obl.M kusina
P AF LK
'Kumakain sila sa kusina.'
27. Ginhúgasan ni Ali an pínggan sa kúsina.
V-Perf-PF Nom.M Ali Nom.M pinggan Obl.M kusina
P AK PF LK
'Hinugasan ni Ali ang pinggan sa kusina.'
28. Gintánun san qínaq an súwaq sa pásuq.
V-Perf-PF Gen.M ina Nom.M kalamansi Obl.M paso
P AK PF LK
'Tinanim ng ina ang kalamansi sa paso.'

2.5 NP bilang Benefaktiv na Komplemento

Gumagamit ng *particle* na *para sa* na makikita sa unahan ng mga NP na nasa case na oblik ang mga NP na maaring magsilbing benefaktiv na komplemento. Karaniwang ginagamit ang NP na komplemento na benefaktiv sa mga transitiv predikeyt na may peysyent focus. Sa istruktura na may benefaktiv na komplemento at ang fokus ng transitiv predikeyt ay peysyent, maaaring magkaroon ng isa pang komplemento na aktor bilang tagaganap ng aksyon. Ngunit ang pagkakaroon ng aktor na komplemento ay hindi sapilitan dahil may mga istruktura na naka-embed ang tagaganap ng aksyon sa NP na nagsisilbing benefaktiv na komplemento. Halimbawa sa pangungusap, malinaw na walang komplemento na nagsasaad sa tagaganap ng kilos na tinutukoy sa transitiv predikeyt na *linútuq* hiluto'. Sa pamamagitan ng benefaktiv na komplemento NP na *para sa qának* para sa anak', isinasaad nito na magulang (ina o ama) ang tagaganap ng aksyon na tinutukoy mismo sa transitiv verb na *linútuq* hiluto'.

2.5. A. peysyent Fokus

29. Binákai san laláki an búrak para sa darága.
V-Perf-PF Gen.M.def. lalaki Nom.M bulaklak Ben. M Obl. M dalaga
P AK PF BK
'Binili ng lalaki ang bulaklak para sa dalaga.'
30. Linútuq an qisurúda para sa qának
V-Perf-PF Nom.M ulam Ben.M Obl.M anak
P PF BK
'Niluto ang ulam para sa anak.'
31. Sinúgba an qísdaq para kan Arnel.
V-Perf-PF Nom. M isda Ben. M Obl. M Arnel
P PF BK
'Inihaw ang isda para kay Arnel.'

2.5. B. Aktor Fokus

32. Namákai an qínaq para sa mga qának.
V-Perf-AF Nom.M ina Ben.M Obl Pl.M ina



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines

INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE



Website: <https://etcor.org>

NBDB NATIONAL BOOK
DEVELOPMENT BOARD
PHILIPPINES



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

P AF BK

'Namili ang ina para sa mga anak.'

33. Nagtrábuhan an paraqúma **para sa** **pámilya**
V-Perf-AF Nom.M magsasaka Ben.M Obl.M pamilya

P AF BK

'Nagtrabaho ang magsasaka para sa pamilya.'

2.6 NP bilang Instrumental na Komplemento

Sa Biri Waray, may mga transitiv verb na nasa peysyent fokus na nangangailangan ng instrumental na komplemento sa kaganapan ng aksyon na isinasaad ng transitiv predikeyt ng pangungusap. Tulad ng pangungusap na *Pinúkpuh niya an qúlu sin/san káhuy* Pinukpok niya ang ulo ng kahoy'. Makikita sa pangungusap na ang transitiv verb na *pinúkpuh* 'pinokpok' ay may komplemento na magsilbing instrument sa pagsagawa ng aksyon. Ang mga NP sa Biri-Waray na maaaring magsilbing instrumental na komplemento ay ang mga NP na kalimitang ginagamitan ng case marker na genitiv indefinit na *sin* at definit *san*.

Binúka niya an qísda **sin/san** **súndaq**

V-Perf-PF 3s. Nom.M isda Gen.M

itak

P

AK

PF

IK

'Hinati niya ang isda ng itak.'

1. Bináyanan ku an qútan

sin

páray

V-Perf-PF 1s. Gen Nom. M utang Gen.M.

Ind palay.

P

AK

PF

IK

'Binayaran ko ang utang ng palay.'

2. Hinígutan ni Arnel an

qáyam

sin

písíq.

V-Perf-PF Gen.M prop Arnel Nom.M aso

Gen.M Ind lubid

P

AK

PF

IK

'Tinalian ni Arnel ang aso ng lubid.'

3. Kinúskus niya an qáti **sin**

paqúskus.

V-Perf-PF 3s.Nom Nom.M dumi Gen.M

Ind panguskos

P

AK

PF

IK

'Kinuskus niya ang dumi ng panguskos.'

4. Kinúha san laláki an búña **sin**

túkud.

V-Tran Gen.M lalaki Nom.M bunga Gen.M

Ind kahoy

P

AK

F

IK

'Kinuha ng lalaki ang bunga ng kahoy.'



ETCOR Educational Research Center
PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

KONKLUSYON

Matapos masuri ang sintaks ng NP sa Biri-Waray, nakita na may iba't ibang gamit ang NP partikular sa pagbuo ng istrukturang gramatikal sa Biri-Waray.

Inilahad sa pagsusuring ito na mahalaga ang case marking sa mga nawn ng Biri-Waray sa paglalahad sa sematik na relasyon ng NP sa predikeyt verb at sa iba pang mga elemento sa loob ng isang pangungusap. Sa gramatika sa Biri-Waray, nakadepende ang dami at gamit ng NP sa verbal afiks. May tatlong iba't ibang natukoy na case marker ang Biri-Waray: **nominativ** (Nom), **genitiv** (Gen), at **oblik** (obl).

Sa mga pangungusap na nasuri, kapag ang predikeyt verb ay nangangailangan ng isa o dalawang NP bilang argumento, ang isang NP ay obligadong magsisilbing fokus. Karaniwan ang mga intransitiv verb ay nagtatakda lamang ng isang NP na magsisilbing fokus na argumento. Samantalang ang mga transitiv verb naman ay higit sa isang argumento ang itinatakda. Nakikilala ang mga NP na nagsisilbing fokus ng intransitiv at transitiv predikeyt sa pamamagitan ng case marker na nomintaiv *an/si*. Karaniwan naman ang mga NP na nagsisilbing mga komplemento ay may case marker na genitiv na *san/sin* o oblik na *sa /kay*. Nakabatay sa fokus ng verb ang mga uri ng NP na tinatanggap bilang NP na komplemento. Nagtatakda naman ang mga transitiv na mga verb sa isa mula sa tatlong klase ng komplemento (aktor na komplemento, peysyent na komplemento, o direksyonal na komplemento) ngunit depende pa rin sa uri ng komplemento na tinatanggap ng aktor fokus na konstruksyon.

Ayon sa mga pangungusap sa Biri-Waray na sinuri, makikita ang Aktor na komplemento kapag ang transitiv verb ay nasa peysyent fokus. Kapag ang transitiv predikeyt ay nasa aktor fokus, nagtatakda ang verb ng peysyent na komplemento. May mga transitiv verb na nangangailangan ng higit pa sa isang komplemento, gaya ng transitiv verb na nasa aktor fokus at nagtatakda ng komplemento na direksyonal, at lokativ. Ang lokativ at direksyonal na mga komplemento ay parehong nagsasaad ng lugar, ang lokativ na komplemento ay nagsasaad sa ganapan ng aksyon samantala ang direksyonal ay nagsasaad sa lugar na patutunguhan ng aksyon. Kapag ang aksyon ay may pinaglalaanan (benefaktor) at ang transitiv predikeyt ay nasa aktor fokus, nagtatakda ito ng NP na benefaktiv na komplemento. Mayroon ring NP na nagsisilbing instrumental na komplemento.

TALASANGGUNIAN

Basic Linguistic Theory: Grammatical Topics (2010) New York: Oxford University Press. (Vol. 2).

Basic Linguistics Theory: Further Grammatical Topics (2010) New York Oxford University Press. (Vol. 3).

Balanquit, L., (2017). A Grammar Sketch of Ninorte Samarnon. MA Thesis. University of the Philippines, Diliman, Quezon City

Bautista, M. L. S. (1977). The Noun Phrase in Tagalog-English Code Switching. Studies in Philippine Linguistics, Vol. 1, No. 1. *Studies in Philippine Linguistics*, 1(1), 2-16.

Bilingguwal na Edisyon. Salin sa Filipino: Cañega at Limbo, 2013. Komisyon ng Wikang Filipino

Blake, B., (1905). The Bisayan Dialects. JAOS, 26. p. 120-136.

Buyser, F., (1938). Ang Pinulongang Binisaya. Bag-ong Kusog. XXIII:30, 14, 28.

Constantino, E., (1964). Sentence Pattern of the Ten Major Philippine Languages. University of the Philippines

Cuenco, J.M., 1920. English-Visayan Dictionary. 2nd Edition. Cebu. Imprenta Rosario.

Differences Between Tagalog and Bisayan. (2013) Journal of the American Oriental Society, Volume XXV.



- Dixon, R., M.W. (2010) Basic Linguistic Theory: Methodology (Vol. 1). New York: Oxford University Press.
- Garcia, L., (1992). Makabagong Grammar ng Filipino. Manila, Rex Printing Company, Inc.
- Gonzales, A., (1972). Pampangan: An Outline of Generative Semantic Description. Manila: Research Council, De La Salle College
- Kroeger, Paul R. 1991. Phrase Structure and Grammatical Relations in Tagalog. Ph. D. Dissertation, Department of Linguistics, Stanford University:
- Grammar ng Wikang Tagalog. (2013). Quezon City: Sentro ng Wikang Tagalog, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.
- Llamzon, T., (1969). A Subgrouping of Nine Philippine Languages. The Hague: Martinus Nijhoff.
- Lobel, J., (2009). Samar-Leyte. Concise Encyclopedia of Languages of the World. Oxford: Elsevier.914-917.
- Malicsi, J., (2012). Pang-Ukol sa Wikang Tagalog Publication: Daluyan: Journal ng Wikang Tagalog. vol. 18 No. 1-2.
- McFarland, C.D., (1974). The Dialects of the Bicol Area. New Haven. Ph. d. Dissertation, Yale University.
- Miller, H., & Miller, J. (1991). *Mamanwa Texts. Studies in Philippine Linguistics. Supplementary Series: Philippine Texts, No. 5*. Summer Institute of Linguistics, Publications Dept., Box 2270 CPO, 1099 Manila, Philippines.
- Paz, C.J. 1996. The Morphology and Syntax of Tagalog Nouns and Adjectives. Quezon City: Philippine Linguistics Circle.
- Paz, et., al. 2003. Ang Pag-aaral ng Wika. The University of the Philippines Press, Diliman, Quezon City
- Reid, L.A., 1966. An Ivatan Syntax. Oceanic Linguistics, Publication No. 2
- Reid, L. A. (2002). Determiners, nouns, or what? Problems in the analysis of some commonly occurring forms in Philippine languages. *Oceanic Linguistics*, 41(2), 295-309.
- Reid, L. A, Hsiu-Chuan Liao. (2004). A Brief Syntactic Typology of Philippine Languages. University of Hawai'i.
- Relational Grammar. (1990) London: Routledge
- Romualdez, N., (1908). Bisayan Grammar and Notes on Bisayan Rhetoric and Filipino Dialectology.
- Rubrico, J.G (1977). The Languages of the Philippines. Canberra: The Australian National University.
- Santiago, A., Tiangco, N., (1991). Makabagong Balarilang Filipino. Rex Printing Company, Inc.
- Schachter, P., Otones, F., (1977). Tagalog Reference Grammar. Berkeley: University of California Press.
- Schachter, P., (1976). The Subject in Philippine Languages: Topic, Actor- Topic or None of the Above. In Li, 491 518.



Sentence Pattern of Twenty-Six Philippine Languages. (1965) *Lingua* 15-71-124. North-Holland Publishing Co., Amsterdam

The Deep Structures of the Philippine Languages. (1970) *The Archive* 2. Quezon City: Philippine Linguistics Circle.

Wolff, J., (1967). History of the Dialect of the Camotes Islands, and the spread of Cebuano Bisayan. University of Hawai'i Press.

Wolff, J., Wolff, I., 1967. Beginning Waray-Waray. Ithaca, New York: South East Asia Program. Cornell University.

Zorc, D.P., 1972. The western Subgroup of Bisayan. *Oceanic Linguistics*, Vol. 11, No. 2 (Winter, 1972), pp.110-139.

The Bisayan Dialects of the Philippines: Subgrouping and Reconstruction. (1975). *Pacific Linguistics*. Australian National University.